LIBRE
Isyu 02
Abril 2023

# VALENZUELA NGAYON

Tuloy ang Progreso

## METRO MANILA SUBWAY PROJECT
# FULL SPEED AHEAD!



01 - Valenzuela City's Pride
02 - SPED Holiday
- ValSped 7th Anniversary
03 - Batang Valenzuelano, Let's Go!
04 - Valenzuela City Library
06 - Pamaskong Handog para kina Lolo at Lola
- VC Bahay Kalinga: Higit Isang Dekada Na!
07 - Kabataang Valenzuelano, Wagi sa 2nd CineMahusay Film Fest
08 - DotBot: Ang Modernong Solusyon!
10 - Museo ni Dr. Pio Valenzuela
12 - Tree of Hope Tree Lighting
13 - Valenzuela Food Fiesta
14 - Metro Manila Subway Project, Full Speed Ahead!
15 - Kadiwa ng Pasko para sa Bawat Valenzuelano
16 - BOSS: Business One-Stop Shop
17 - #AlagangValenzuelano Medical Mission
- Barangay Bakunahan, para Valenzuelano Protektado!
18 - Health Check, Belly Good!
- Bertong Sipilyo, Katuwang sa Ngiping Protektado
19 - Division Athletic Meet 2023
- PLV Intrams 2023
20 - VCDRRMO Ginawaran ng 22nd Gawad KALASAG Seal of Excellence
- Citywide CPR Training
21 - Distribution of Helmets
- Mayor WES Ininspeksyon ang VGC Terminal
22 - MEGA Job Fair
- Valentine's Day Kasalang Bayan
23 - Sisterhood with Municipality of Saint Bernard, Southern Leyte
- Liveable Cities Lab: The Rise of Intelligent Cities and Municipalities
- Go Negosyo! 3M on Wheels
24 - Sustainable Cities Dialogue with Metro Manila Mayors
- Vintage Vehicle Law
- #GalingValenzuelano
25 - City Council at Work




VALENZUELA NGAYON
Tuloy ang Progreso

Inilalathala simula Setyembre 2004

*Publisher* **City Government of Valenzuela**
*City Mayor* **WES Gatchalian**
*Chief-of-Staff* **Arch. Benjamin P. Gamaro**
*Public Information Officer/Editor-in-Chief* **Frances Marion S. Salazar**

*Writers/Researchers*
**William A. Chua, Mary Margaret D. Magat, Regino B. Morata, Jr., Gillian S. Roldan, Jenny C. Taborda**
*Graphics and Layout*
**Joel A. Soriano**
*Photographers*
**Resty Robert N. Castro, Kevin Gatchalian, Percival R. De Guzman, Rafael M. Delfino, Kaye R. Magno, Charles B. Quebrar, Clinton F. Ramos, Jonnel L. Sunga, Rhon Velarde**
*Circulation Manager*
**Clairidy C. Pinto**
*Distribution*
**Ronald A. Delino, Ronnel B. Esguerra**
*Acknowledgment*
**Office of Senator WIN Gatchalian, Digital Communications Office, Local Disaster Risk Reduction and Management Office, Bureau of Fire Protection**

Inilalathala ang **Valenzuela Ngayon** magasin ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela sa pamamagitan ng *Public Information Office* na may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, The City Hall, MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City.

© Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela, Abril 2023

valenzuela.gov.ph
info@valenzuela.gov.ph
Valenzuela City
@valenzuelacity
8 352-1000 locals 1132, 1138 & 1410
8 292-9168

# VALENZUELA CITY'S PRIDE!







CONGRATULATIONS!

**Senator**

# WIN

**Gatchalian, Ed. D.**

## DOCTOR OF EDUCATION HONORIS CAUSA

PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY

Ginawaran ng Pamantasang Normal ng Pilipinas ng Honorary Doctorate Degree sa Edukasyon si Senator WIN Gatchalian para sa kanyang natatanging dedikasyon at kontribusyon sa sektor ng edukasyon noong Pebrero 3, 2023.




CONGRATULATIONS!

**Secretary**

# REX Gatchalian



## NEWLY APPOINTED SECRETARY

Department of Social Welfare and Development (DSWD)

Pormal nang hinirang at nanumpa bilang bagong Kalihim ng Kagawaran ng Kagalingan at Pagpapaunlad Panlipunan si dating Mayor at 1st District Congressman REX Gatchalian, noong Enero 31, 2023.

# SPED HOLIDAY



Ipinagdiwang ng lungsod ang **ika-17 na Special Children Holiday**, kung saan **1,856** na **Learners with Disabilities (LWDs)** ang nakiisa sa iba't ibang aktibidad na inihanda ng lokal na pamahalaan at ng Division of City Schools – Valenzuela. Kauna-unahan muli ang aktibong selebrasyong ito pagkatapos ng nagdaang pandemya, kaya pinaghandaan ng Punong Lungsod ang natatanging araw. Layon nitong hasain ang tiwala sa sarili, social at personal skills ng mga bata. Dinaluhan din ito ng SPED advocates at therapists, maging ng mga magulang at guro mula sa iba't ibang paaralan at distrito.














# VALSPED 7th ANNIVERSARY

Ngayong taon, ipinagdiwang ang **ika-pitong taong anibersaryo ng Valenzuela Special Education Center (ValSPED)** kasabay ng paggunita ng **27th National Autism Consciousness Week** na may temang *"Autismo at ang Panibagong Mundo"*. Ito ay isang linggong selebrasyong binuo ng mga malikhain, masigla, at talentadong estudyante. Naganap ang iba't ibang aktibidad gaya ng ValSPED Talent Showcase 2023, Slogan at Poster Making, Thanksgiving Mass, inihandang Zumba ng mga magulang, at maging ang kanilang pagbibigay ng testimonya tungkol sa karanasan sa ValSPED. Naging makulay ang ilang araw na paggunita sa mga estudyante at naging daan din ito sa pagbubuklod ng mga pamilya.


















# BATANG VALENZUELANO, LET'S GO!

Isang **Localized Supplementary Feeding Program** ang inilunsad ng lokal na pamahalaan at ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO), kung saan **8,914 daycare students** na naka-enroll sa Early Childhood Care and Development Centers ang naging benepisyaryo ng mas pinaunlad at pinalawak na pagbabahagi ng mga Enhanced Nutribun. Sa loob ng 120 na araw, limang piraso ng **Enhanced Nutribun** ang ipamimigay kada linggo. Layunin ng programang ito na agapan ang malnutrisyon. Parte ito ng **Education 360 Degrees Investment Program** ng lungsod na siyang nagsusulong ng dekalidad na edukasyon.





**BUKAS NA!**

ValACE
Valenzuela City Academic Center for Excellence

# VALENZUELA CITY LIBRARY

MacArthur Highway, Barangay Malinta

## AKLATAN AT KAALAMAN PARA SA LAHAT!










Binuksan na sa publiko ang pinakaaabangang **Valenzuela City Library** na matatagpuan sa **Valenzuela City Academic Center for Excellence (ValACE)**. Sa loob ng tatlong araw na selebrasyon, nag-umapaw ang pagpapahalaga sa sining at kasaysayan sa pamamagitan ng mga idinaos na aktibidad tulad ng calligraphy workshop, coloring contest, storytelling, short film viewing, poetry-reading, at maging ang inagurasyon ng Xiao Chua Public History Collection sa City Library. Sa pagkakaroon ng pampublikong aklatan sa lungsod, mas yayabong pa ang kultura ng pagbabasa at mas magiging kaaya-aya at inklusibo ang pagkamit ng kaalaman para sa lahat.

## Free Admission

**Bukás mula Lunes hanggang Linggo**

**Library Hours:** *Unang Palapag:* **9:00AM - 6:00PM**
*Ikalawang Palapag:* **9:00AM - 12:00MN**











Ang mga seminar at patimpalak ay dinaluhan ng mga prominenteng tao sa larangan ng literatura, gaya nina Dr. Luis Gatmaitan, Norman Boquiren, Zarah Gagatiga, Marren Araña Adan, Direk Richard Soriano Legaspi, National Artist Virgilio Almario, Gawad Dr. Pio Awardee Jerry Gracio, Desiree Mendoza, at ang historyador na si Xiao Chua.

Binubuo ang pampublikong aklatan ng tatlong palapag na mayroong **senior's corner**, **general reading area**, **children's area**, **expansive study rooms**, **computer room**, at marami pang iba. May koleksiyon ito ng mga aklat na nagtatanghal ng mga panitikang Filipino at banyaga. Bukas ito para sa lahat ng mambabasa, bata man o matanda.
















**PAMASKONG HANDOG SCHEDULE 2022**

| | |
|---|---|
| Day 1 | 11,818 |
| Day 2 | 17,363 |
| Day 3 | 11,134 |
| Day 4 | 13,204 |
| Day 5 | 9,727 |
| TOTAL BENEFICIARIES | 63,246 |



## Pamaskong Handog para kina LOLO at LOLA

Bilang pamasko kina lolo at lola, higit **60,000 rehistradong Senior Citizen** ng lungsod ang nakatanggap ng **Noche Buena package** mula sa pamahalaang lungsod upang maipagdiwang nang maligaya ang Kapaskuhan. Ang pamamahagi ay personal na dinaluhan ng mga opisyal ng lungsod sa lahat ng 33 barangay nito.







## Valenzuela City Bahay Kalinga

### Higit Isang Dekada Na!

Kasabay ng pagdiriwang ng ika-25 na taong pagkakatatag ng Valenzuela ay ginunita rin ng Bahay Kalinga ang **ika-11 taon ng pagkakatatag** nito noong Pebrero 14, 2023. Upang makiisa sa selebrasyon, dumalo si Mayoress Tiffany Gatchalian upang magbigay ng kasiyahan sa mga batang kliyente nito.











Mahigit **350 kabataang Valenzuelano** mula sa iba't ibang sektor ang aktibong nakilahok sa nakaraang **S.A.F.E. (Storytelling, Authoring, Filming, and Editing) for Children Initiative Season 2** na programa ng UNICEF, Council for the Welfare of Children (CWC), Juvenile Justice and Welfare Council (JJWC), DepEd Valenzuela, at ng Pamahalaang Lungsod.

Ito ay serye ng capacity workshops na naglalayong makasulat at makabuo ng kanilang kwento at karanasan mula sa nagdaang pandemya at maipakita ang kakayahang mapanatili ang 'mental health'. Ang mga kabataan ay bumuo ng konsepto ayon sa temang *"Walang Iwanan"*.

## Mga kabataang nagwagi sa 2nd CineMahusay Film Festival

### "Indak"
Valenzuela School of Mathematics and Science
- Best Participatory Video

**"Kagitlan"**
Council for the Protection of Children
*Barangay Punturin*
- Best Participatory Video 1st Runner-Up

**"Alpas"**
Council for the Protection of Children
*Barangay Ugong*
- Best Participatory Video 2nd Runner-Up

**"Indak"**
Valenzuela School of Mathematics and Science
- Best Story

**"Kagitlan"**
Council for the Protection of Children
*Barangay Punturin*
- Best Editing

**"Kagitlan"**
Council for the Protection of Children
*Barangay Punturin*
- Best Sound

**"Indak"**
Valenzuela School of Mathematics and Science
- Best Cinematography

**Margarette Bermiso**
**"Sa Mga Balikat Ko"**
Wawang Pulo National High School
- Best Actress

**John Ahrel Maliwat**
**"Sandalan"**
Bahay Pag-asa ng Valenzuela
- Best Actor

**James Bryan Balubal**
**"Ahon"**
Valenzuela National High School
- Best Director

**"Thutulan Ko Wata"**
Paso de Blas Elementary School
- Special Jury Prize

CINEMAHUSAY
THE 2ND S.A.F.E. FOR CHILDREN FILM FEST

# KABATAANG VALENZUELANO

## Wagi sa 2nd CineMahusay Film Fest



# DotBot

## Ang Modernong Solusyon!




**Medical Assistance?**

**Transportation Assistance?**

**Burial Assistance?**

**Social Case Study?**

**CSWD Certificate of Indigency?**

**Mapapadali at mapapabilis** na ang serbisyo ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO) sa pagkakalunsad ng **DOTBOT!** Ang application na ito ay *stepping stone* para sa kinabukasan ng paperless na transaksiyon sa City Hall, at maaaring makatulong na mabawasan ang dami ng mga kliyenteng nakapila sa tanggapan ng CSWD para sa tulong sa aplikasyon.

Sa tulong ni DOTBOT, malalaman mo na ang mga kinakailangan sa pag-aapply para sa iba't ibang serbisyo sa kapakanang panlipunan tulad ng **Medical Assistance**, **Burial Assistance**, **Transportation Assistance**, **Social Case Study**, at **CSWD Certificate of Indigency** bago ang personal na pagpunta sa opisina ng CSWD para sa pagsusumite.







I-Scan ang QR Code

o hanapin si **Dotbot-Valenzuela** sa Facebook Messenger!




Opisyal nang ipinakilala si DOTBOT sa ginanap na online launch sa pamamagitan nang Facebook Live noong Pebrero 21. Pormal itong ipinakilala nina **Mayor WES Gatchalian** na siyang magagamit ng mga Valenzuelano sa pagkuha ng impormasyon upang makahingi ng tulong mula sa CSWDO.

Sa online launch, ikinagagalak nina **DSWD Secretary REX Gatchalian** at **New Zealand Ambassador to the Philippines, His Excellency, Ambassador Peter Kell**, na magagamit na ang DOTBOT na bunga ng partnership ng Valenzuela City at New Zealand.














## PAGPAPASINAYA NG MAKASAYSAYANG TAHANAN NI DR. PIO VALENZUELA

# MUSEO NI DR. PIO VALENZUELA

Bilang pagtanaw sa buhay ng natatanging Dr. Pio Valenzuela, pinasinayaan at binuksan na sa publiko ang kanyang **makasaysayang tahanan** sa **Barangay Pariancillo Villa** noong **Pebrero 14, 2023**. Alinsunod sa pagdiriwang ng **ika-25 taon ng Pagkakatatag ng Lungsod ng Valenzuela**, ang Museo ni Dr. Pio Valenzuela ay isa muling pagkilala sa kabayanihan at pagiging makabansa ng naturang Ama ng Lungsod sa kasalukuyang henerasyon.

## Free Admission

**Bukás mula Martes hanggang Linggo**
**9:00 AM - 4:00 PM**

Para sa mga grupong **20 katao pataas** mag-book ng inyong reservation sa

**piovalmuseum@gmail.com**

*Follow us at*

**Facebook.com/PioValMuseum**







Ang paghahawi ng tabing ng panandang pangkasaysayan ay pinangasiwaan ng **National Historical Commission of the Philippines (NHCP)**, kasunod ang pagpapasinaya ng museo na siyang pinangunahan nina **Mayor WES Gatchalian**, **Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) Deputy Governor Bernadette Fatima Romulo-Puyat** na siyang kinatawan ng **pamilya Valenzuela** at **NHCP-OIC Executive Director Carminda Arevalo**.



Ang museo ay nahahati sa apat na seksyon: **(1) Balangkas ng Buhay**; **(2) Haligi ng Katipunan**; **(3) Guho at Gunita**; at **(4) Muhon ng Bayan**, kung saan nakapaloob dito ang mga sinaunang kagamitan at mga diorama na naglalarawan ng mga makahulugang pangyayari sa buhay ni Dr. Pio Valenzuela noong kasagsagan ng himagsikan.













## MANINGNING NA PAGGUNITA SA 2022

Noong **Disyembre 1, 2022**, maningning na sinalubong ang Kapaskuhan nang sindihan ang mga pailaw at palamuti ng halos 50-talampakang **Tree of Hope**. Ang selebrasyong ito ay inialay sa humigit-kumulang **walong libong (8,000)** mga empleyadong naglilingkod sa Valenzuela City Hall bilang pagpupugay sa kanilang dedikasyon sa serbisyo, mula noong kasagsagan ng pandemya hanggang sa kasalukuyan.



*People's Park*



# TULOY ANG PROGRESO! Tree of Hope TREE LIGHTING




*WES Arena*




*Family Park*



*Polo Park*




*Fatima Avenue*




# PAGBUBUKAS NG FOOD FIESTA AT BAZAAR
## #PASKONGVALENZUELANO

Kasunod ng Christmas Tree Lighting Ceremony, pormal na ring binuksan ang taunang **Food Fiesta** at **Christmas Bazaar** sa kahabaan ng **C.J. Santos Street** at **Fatima Avenue**. Mahigit **75** na mga lokal na **MSMEs** ang naghanda ng samu't saring mga pagkain at produkto na sumalubong sa mga Valenzuelanong mamimili.



















> Mister President, you and your administration can always count on Valenzuela City's full support, as well as our smooth and efficient coordination as we proceed *"Full Speed Ahead"* with the implementation of the Metro Manila Subway Project. Together, we Build Better More!
>
> *- Mayor WES Gatchalian*



# METRO MANILA SUBWAY PROJECT FULL SPEED AHEAD!

Inihayag ni Valenzuela City Mayor WES Gatchalian ang kanyang buong pangako at suporta sa **Metro Manila Subway Project (MMSP)** kasunod ng matagumpay na paglulunsad ng tunnel boring machine sa MMSP Depot, Barangay Ugong, noong Enero 9.




Tinaguriang **"Project of the Century"**, ang Metro Manila Subway Project ay **33.1 km. na may 17 istasyon**, na tatakbo mula sa Valenzuela City hanggang Parañaque City, na naglalayong bawasan ang oras ng paglalakbay sa pagitan ng Quezon City hanggang Ninoy Aquino International Airport (NAIA) mula sa kasalukuyang isang oras at sampung minuto na maging 35 minuto na lang.















# KADIWA NG PASKO
## PARA SA BAWAT VALENZUELANO

Personal na dinaluhan ni **Pangulong Bongbong Marcos** ang Kadiwa ng Pasko na ginanap noong **Disyembre 17, 2022** sa Barangay **Malanday Covered Court** kung saan higit-kumulang **43** na mga **MSMEs** ang naghanda ng mga abot-kayang produkto para sa mga Valenzuelano. Ang Kadiwa ng Pasko ay programa ng pamahalaang nasyonal para tugunan ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at mailapit ang mga lokal na produkto ng ating mga magsasaka, mangingisda, at MSMEs.













## INILUNSAD PARA SA MGA
# VALENZUELANO TAXPAYERS

Kasabay ng **Business Renewal season** ng taon at ang higit na paanyaya sa mga Valenzuelano sa paggamit ng **Paspas Permit** ay inilunsad ng pamahalaang lungsod ang **Business One-Stop Shops (BOSS)** sa iba't ibang bahagi ng lungsod para sa Valenzuelano Taxpayers noong **Enero 3, 2023**.

BOSS
BUSINESS ONE-STOP SHOP

Paspas PERMIT

| Business Tax Deadlines | |
|---|---|
| First Quarter | Enero 20, 2023 |
| Extended for ONLINE Payments | Enero 31, 2023 |
| Second Quarter | Abril 20, 2023 |
| Third Quarter | Hulyo 20, 2023 |
| Fourth Quarter | Oktubre 20, 2023 |

| Real PropertyTax Deadlines | |
|---|---|
| First Quarter | Enero 20, 2023 |
| Second Quarter | Abril 20, 2023 |
| Third Quarter | Hulyo 20, 2023 |
| Fourth Quarter | Oktubre 20, 2023 |


















OFFICIAL LIST
2022 GOOD FINANCIAL HOUSEKEEPING PASSERS

| NCR | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| CITIES | | | | | |
| 1 | Caloocan City | 7 | Marikina City | 13 | Taguig City |
| 2 | Las Pinas City | 8 | Muntinlupa City | 14 | Valenzuela City |
| 3 | Makati City | 9 | Navotas City | 15 | Pasay City |
| 4 | Malabon City | 10 | Paranaque City | 16 | Quezon City |
| 5 | Mandaluyong City | 11 | Pasig City | | |
| 6 | City of Manila | 12 | San Juan City | | |
| MUNICIPALITY | | | | | |
| 1 | Pateros | | | | |

VALENZUELA CITY

**PASSER**

**2022 Good Financial Housekeeping**
Department of the Interior and Local Government National Capital Region









# #AlagangValenzuelano MEDICAL MISSION

Patunay sa patuloy na mabuting pangangalaga sa kalusugan ng mga Valenzuelano ng pamahalaang lungsod ay ang mga **#AlagangValenzuelano Medical Mission** na ginanap sa iba't ibang bahagi ng lungsod.

| Petsa | Lugar | Bilang ng mga Pasyenteng Natugunan |
|---|---|---|
| January 28 | Dalandanan Multi-purpose Building | 285 |
| February 28 | Canumay East National High School | 441 |
| March 4 | Malabo Activity Center, Barangay Maysan | 286 |

## #VCVax Vaccination Update

VCVax — The Valenzuela City COVID-19 Vaccines Rollout Plan

*as of March 7, 2023*

| Bakuna | *Bilang ng mga Nabakunahan | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | A1 | A2 | A3 | A4 | A5 | Total |
| First Dose | 10,196 | 52,223 | 19,091 | 168,064 | 234,406 | 483,980 |
| Second Dose | 9,870 | 44,276 | 18,481 | 162,507 | 214,717 | 449,851 |
| First Booster | 6,399 | 6,399 | 8,427 | 53,179 | 66,797 | 162,342 |
| Second Booster | 2,070 | 2,070 | 1,957 | 4,203 | 5,894 | 26,778 |

| Bakuna | TEEN EDITION *Bilang ng mga Nabakunahan | | |
|---|---|---|---|
| | A3 Pediatrics | Rest of Pediatric Population | Total |
| First Dose | 9,657 | 50,043 | 57,700 |
| Second Dose | 9,377 | 48,258 | 57,635 |
| First Booster | 916 | 4,435 | 5,351 |
| Second Booster | Not Applicable | Not Applicable | Not Applicable |

| Bakuna | KIDS EDITION *Bilang ng mga Nabakunahan | | |
|---|---|---|---|
| | A3 Pediatrics | Rest of Pediatric Population | Total |
| First Dose | 457 | 34,454 | 33,911 |
| Second Dose | 420 | 31,181 | 31,601 |
| First Booster | Not Applicable | Not Applicable | Not Applicable |
| Second Booster | Not Applicable | Not Applicable | Not Applicable |

**Bilang ng mga Nabakunahang Valenzuelano*



# BARANGAY BAKUNAHAN, PARA VALENZUELANO PROTEKTADO!

Pursigido ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela na maprotektahan ang kalusugan ng mga Valenzuelano, higit lalo laban sa COVID-19. Kaugnay nito ay inilunsad ang **Barangay Bakunahan sa iba't ibang health stations** sa lungsod kung saan maaari nang magpabakuna ang mga Valenzuelano kontra COVID-19. Binuksan din ang vaccination sites sa iba't ibang mga pampublikong lugar tulad ng **Valenzuela City People's Park** at **Valenzuela City Library** upang maparami pa ang mga Valenzuelanong protektado laban sa nakahahawang sakit.





# HEALTH CHECK, BELLY GOOD!

Kabilang din sa mga Valenzuelanong sakop ng **#AlagangValenzuelano** program ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ay ang mga **empleyado** nito. Kaugnay nito ay inilunsad ng pamahalaang lungsod, sa pakikipagtulungan ng City Health Office, ang **"Health Check, Belly Good!"** kung saan lumahok ang mga kawani ng **Public Order and Safety Group** sa malawakang **kampanya kontra karamdaman** tulad ng **Diabetes, Hypertension,** at **Obesity**. Isinali sila sa walong buwang monitoring para sa ikabubuti ng kanilang kabuuang pangangatawan.




# BERTONG SIPILYO
## KATUWANG SA NGIPING PROTEKTADO!








Bilang bahagi ng selebrasyon ng **2023 Oral Health Month**, inilunsad ng Lungsod ng Valenzuela, sa pangunguna ng City Health Office si **"Bertong Sipilyo"**, isang mascot na magiging katuwang ng mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak ng **tamang pagsisipilyo at pangangalaga ng kanilang mga ngipin**. Kasabay ng paglulunsad na ito ay ang paglalabas ng isang jingle at music video na ipapalabas sa mga **pampublikong mga paaralan at lugar.**

Healthy Pilipinas | Health is Life!

# DIVISION ATHLETIC MEET 2023








## DepEd-Valenzuela

### MATALINO, TALENTADO AT AKTIBONG VALENZUELANO!

Naging matagumpay at produktibo ang **Division Athletic Meet 2023** na may temang **"Unlocking Potentials, Striving for Excellence, Valuing Convergence Through Sports!"** Isinagawa ang opening ceremony ng palakasan sa Wellness, Entertainment, and Sports (WES) Arena. Kabilang sa programa ang isang makulay na parada para irepresenta ang iba't ibang paaralan sa lungsod. Hindi rin nawala ang mga intermission number, oath-taking ceremony ng officiating officials at student-athletes, at ang torch-lighting ceremony na sumisimbulo sa maalab na pakikilahok ng mga atleta at pagsisimula ng kompetisyon.





# PLV INTRAMS 2023

Isang linggong selebrasyon ang naganap sa Intramurals 2023 ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV). Nagtagisan sa galing ang mga estudyante sa mga larong **basketball, volleyball, table tennis, badminton, sepak takraw, chess, at mga e-games**. Hindi lamang pinagkakaisa ng mga laro ang lahat, paraan din ito para mapaunlad ang mga sarili habang natututunan ang sportsmanship. Idinaos ang mga palaro sa PLV Main Campus, Maysan Corns Basketball Court, at WES Arena.





















NDRRMC
Proactive

NATIONAL DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COUNCIL
confers this
GAWAD KALASAG SEAL OF EXCELLENCE
to
VALENZUELA CITY
and is hereby declared as

FULLY COMPLIANT

for garnering a rating of 1.92 in the Gawad KALASAG Seal for Local Disaster Risk Reduction and Management Councils and Offices (LDRRMCOs) Category for CY 2022. Valenzuela City is found to be generally adherent to the standadrs for the establishment and functionality of the LDRRMCOs as prescribed in the Philippines Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 or the Republic Act No. 10121

Given this 7th day of December 2022
during the Gawad KALASAG National Awarding Ceremony
at The Manila Hotel, Metro Manila, Philippines

UNDERSECRETARY RAYMUNDO B FERRER
Executive Director, NDRRMC
Chairperson, National Gawad KALASAG Committee
and Civil Defense Administrator

HONORABLE JOSE C FAUSTINO, JR
Chairperson, NDRRMC
Senior Undersecretary, Officer-in-Charge
Department of National Defense




# VCDRRMO

## Ginawaran ng 22nd Gawad KALASAG Seal of Excellence

Ginawaran ng **22nd Gawad KALASAG Seal of Excellence** ang Lungsod ng Valenzuela dahil sa pinaigting nitong mga programa upang panatilihin at gawing mas epektibo ang sistema ng pagsagip sa ano mang sakuna o kalamidad. Nakakuha ang lungsod ng **gradong 1.92**, dahilan upang masungkit nito ang parangal bilang lungsod na may mga pinaka-epektibong operasyon sa pagtugon sa pangangailangan ng mga tao sa oras ng sakuna.








# CITYWIDE CPR TRAINING

Kasabay ng pagdiriwang ng ika-25 anibersaryo ng kalunsuran ng Valenzuela, nagsagawa ang lokal na pamahalaan ng hands-only **cardiopulmonary resuscitation (CPR)** training sa buong lungsod. Tinatayang humigit kumulang **1,100** ang bilang ng mga nakilahok sa nasabing pagsasanay — mula sa iba't ibang publiko at pribadong kagawaran sa lungsod ng Valenzuela. Layunin ng programang ito na bigyan ng panimulang kaalaman ang mga empleyado upang makalikha ng mga manggagawang handa sa ano mang pangyayari.




## DISTRIBUTION OF HELMETS

Naghandog ang **EVO Helmets Philippines** at **NHK Revton Corp. Philippines** ng 80 helmets sa Lokal na Pamahalaan ng Valenzuela na ipinagkaloob sa ilang mga kawani ng **Public Order and Safety Office (POSO).** Ang inihandog na kagamitang proteksyon sa ulo ay handog-pasasalamat para sa mga empleyado, gayundin ay dagdag proteksyon sa kanila na sumisiguro sa kaayusan sa lungsod.










## MAYOR WES ININSPEKSYON ANG VGC TERMINAL

Matapos makatanggap ng mga reklamo tungkol sa mungkahing bagong ruta ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na **Route #51** - dahil mapapalayo ang biyahe, sinadya ni Mayor WES ang Valenzuela Gateway Complex (VGC) Terminal at nagsagawa ng public consultation kasabay ng pagharap niya sa media upang magbigay ng opisyal na pahayag sa naturang isyu. Kasunod nito, iniutos ni Mayor WES na manatili ang dating **Route #32** habang hindi pa naaayos ang usapan ng lokal na pamahalaan at LTFRB.







Trabaho







# MEGA JOBFAIR

Mahigit **800 aplikante** ang sumubok ng kanilang kapalaran upang maghanap ng trabaho sa ginanap na MEGA Job Fair. May kabuuang **661** ang mga pinalad na makakuha ng slot mula sa **5,000** bakanteng posisyon at napabilang sa listahan ng mga "nearly hired." Naging bukas rin ang programang ito para sa mga taong may kapansanan, dahil apat mula sa **13** na o Persons with Disabilities o PWDs ay natanggap sa mismong araw ng job fair.










Kasalang Bayan

# VALENTINE'S DAY KASALANG BAYAN

Nasa **35 na pares** na Valenzuelano ang kinasal sa ginanap na Kasalang Bayan, noong **Pebrero 14, 2023**. Ang Kasalang Bayan ay isa sa mga kaganapang inihanda ng Pamahalaang Lungsod upang ipagdiwang ang ika-25 Taong Pagkakatatag ng Lungsod.
















1623–2023
PUEBLO DE POLO
LUNGSOD VALENZUELA



## SISTERHOOD WITH MUNICIPALITY OF SAINT BERNARD, SOUTHERN LEYTE

Opisyal nang kinilala bilang **ika-76 Sister Municipality** ng Lungsod ng Valenzuela ang Munisipalidad ng Saint Bernard. Ang sisterhood agreement ay naganap noong **February 28, 2023**, alinsunod sa **Resolution No. 2595, Series of 2022**.

## LIVEABLE CITIES LAB: THE RISE OF INTELLIGENT CITIES AND MUNICIPALITIES

Personal na dinaluhan ni Mayor WES Gatchalian ang **Liveable Cities Lab: The Rise of Intelligent Cities and Municipalities** na ginanap noong Pebrero 22, 2023 sa Globe Tower, BGC, Taguig City kung saan niya tinalakay ang iba't ibang mga inobasyon ng Lungsod ng Valenzuela pagdating sa **pagpapaganda at pagpapabilis ng serbisyo publiko** para sa mga Valenzuelano. Tinalakay ni Mayor WES ang **DotBot**, ang pinakabagong inobasyon ng Lungsod ng Valenzuela kung saan maaari nang malaman ng mga mamamayan ang requirements para sa iba't ibang assistance mula sa CSWDO gamit lamang ang **Facebook Messenger** application.







## GO NEGOSYO! 3M ON WHEELS

### MENTORSHIP•MONEY•MARKET

Naimbitahan at nabigyan ng pagkakataon si Punong Lungsod WES Gatchalian na magsalita at magbahagi ng mga programa para sa mga MSMEs sa nakaraang **GO Negosyo Caravan**, noong **Pebrero 4, 2023** sa **SM City Grand Central**. Isa sa mga ibinida ni Mayor WES ang Paspas Permit na award-winning program ng lungsod.

# SUSTAINABLE CITIES DIALOGUE WITH METRO MANILA MAYORS




Ang diyalogo ay inorganisa ng British Embassy at nabigyan ng pagkakataon si Mayor WES na ilahad ang mga programa ng lungsod sa pangangalaga ng kalikasan at labanan ang climate change. Ang pagpupulong ay naganap noong Pebrero 28 sa Peninsula Hotel, Makati City.

# VINTAGE VEHICLE LAW

Personal na nasaksihan ni Mayor WES ang paglagda sa **Implementing Rules and Regulation (IRR)** ng **Republic Act 11698 o Vintage Vehicle Law** na naisabatas noong Abril 2022. Layunin ng batas na kontrolin ang pag-import, pag-export, at pagpaparehistro ng mga vintage na sasakyan, pati na rin ang iba pang mga aktibidad na nauugnay sa mga ito. Isa si Mayor WES sa mga may-akda ng nasabing batas.








# #GalingValenzuelano



## TOP 9

**LEONAH JEAN POLOPOT, DMD**
*Barangay Rincon*
*Dentistry Licensure Examination (DLE)*
***PhP 20,000**



## TOP 9

**RAPHAEL DILLENA, LPT**
*Barangay Wawang Pulo*
*Licensure Examination for Teachers (LET)*
***PhP 20,000**

**Insentibo mula sa Lokal na Pamahalaan alinsunod sa Ordinance No. 475, Series of 2018 o Valenzuela City Topnotchers Ordinance*




## Valenzuela City, Wagi sa 1st USAID Opportunity 2.0 National Youth Development Summit

- **TOP 6 EXCELLENCE AWARD**
  for Strategic Direction
- **PLAQUE OF RECOGNITION**
  for leading powerful collaboration between stakeholders to facilitate youth access to education, entrepreneurship and employment in Valenzuela City
- **MAYOR WES GATCHALIAN PLAQUE OF COMMENDATION**
  as a Champion of Youth in Valenzuela City

*1st USAID Opportunity 2.0*
*National Youth Development Summit 2023*
*Davao City*



# City Council at WORK

Ito ang ilan sa mga ordinansa at resolusyong naipasa ng 9th City Council (Sangguniang Panlungsod) para sa patuloy na pagpapaunlad ng Lungsod.




## Barangay Unified Household Identification System Ordinance

Ordinance No. 1067, Series of 2022

***Authored by Councilor Cristina Marie Feliciano-Tan***

An ordinance mandating all Sangguniang Barangay in the City of Valenzuela to maintain an updated database of their respective inhabitants and to establish a barangay unified household identification system, and prescribing the guidelines for implementation thereof.



## Closed Circuit Television or CCTV Ordinance

Ordinance no. 1071, Series of 2022

***Authored by Councilor Marlon Paulo Alejandrino***

An ordinance mandating all business, commercial, industrial, institutional, and other public establishments (existing and new) to set up, install and maintain and/or operate 24/7 closed circuit television (cctv) monitoring and recording system within their premises, providing penalties for violations thereof, amending Ordinance No. 53, Series of 2009 and Ordinance No. 223, Series of 2015.




## Ordinance no. 1074, Series of 2023

***Authored by Councilor Ricardo Ricar Enriquez***

An ordinance extending the deadline for online payment of the renewal of business taxes and/or fees for the year 2023 until January 31, 2023, exclusively for business establishments utilizing the "Paspas Permit" system.



*Photo Source: Manila Water*

## Fire Hydrant Ordinance of Valenzuela City

Ordinance no. 1081, Series of 2023

***Authored by Councilor Cristina Marie Feliciano-Tan***

An ordinance providing for the installation, fixing, and maintenance of fire hydrants in the City of Valenzuela, and for other purposes.




## Local Price Coordinating Council

Ordinance no. 1082, Series of 2023

***Authored by Councilor Joseph William Lee***

An ordinance institutionalizing the Local Price Coordinating Council (LPCC) in the City of Valenzuela, providing its power and functions, imposing penalties, and for other puposes therefor.

Tuloy ang PROGRESO, Valenzuela!

CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA

MacArthur Highway, Barangay Karuhatan, Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440

8 352.1000 • 8 292.0211

www.valenzuela.gov.ph info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity